

Mga matalinong hakbang para sa mga paaralan laban sa COVID

Impormasyon para sa mga pamilya

Alam namin na ang pagsasama-sama sa loob ng silid-aralan ang pinakamahusay na gawin para sa pag-aaral, pag-unlad at kapakanan ng ating mga estudyante. Ngayong termino, ipagpapatuloy namin na ipatupad ang mga maraming hakbang upang pangunahing maasikaso ang kapakanan ng ating mga estudyante at ang isang maaasahan at masaganang kapaligiran sa pag-aaral.

Manatili sa bahay kung may masamang karamdaman

- Kung ang iyong anak ay may masamang karamdaman, dapat manatili sila sa bahay. Kung sila ay nagpapakita ng mga sintomas ng COVID-19 na kahit banayad, dapat silang magkaroon ng isang COVID test at magbubukod.
- Ang iyong anak ay dapat makakabalik lamang sa paaralan kapag nagkaroon ng negatibong resulta sa pagsusuri at wala nang mga sintomas.
- Kung ang iyong anak ay nasuring positibo sa COVID-19, magrehistro ng positibong resulta sa Service NSW, magbukod ng 7 araw at sundin ang mga gabay sa kalusugan ng NSW.

Mga pagbabakuna

- Ang mga pagbabakuna laban sa COVID-19 at trangkaso ay ang pinakamahusay na paraan sa pagprotekta ng iyong sarili, iyong pamilya at ng komunidad. Ang pagbabakuna ay isang ligtas at mabisang paraan upang matulungan ang iyong sistema ng naturalesa laban sa mga pagkakasakit sanhi ng virus.
- Lahat ng mga marapat na kawani sa mga lugar ng pangkalahatang paaralan at mga estudyante ay maigting na hinihikayat na mananatiling up-to-date sa kanilang mga pagbabakuna para sa pagprotekta sa kanilang kalusugan. Lahat ng mga kawaning nag-tatrabaho sa paaralan na may mga natatanging layunin ay kinakailangang maging dobleng naba-kunahan laban sa COVID-19 upang maprotektahan ang ating mga estudyante na nahaharap sa malaking panganib sa pagkakaroon ng malubhang pagkakasakit kung malantad sila sa COVID-19.

Mga nalapitan

- Ang mga estudyanteng natukoy bilang mga nalapitan ay maaaring pumasok sa paaralan basta masabihan ang paaralan at sila ay may negatibong resulta sa pagkasuri sa COVID-19 bawat umaga bago sila makapasok sa paaralan sa loob ng 5 mga araw na may klase.
- Ang mga estudyante sa paaralang sekundarya ay dapat magsuot ng maskara sa loob ng paaralan maliban kung kumakain o nag-eehersisyo. Ang mga estudyante sa paaralang primarya ay inirerekumendang magsuot ng maskara sa loob maliban kung kumakain o nag-eehersisyo.
- Walang estudyanteng natukoy bilang nalapitan ang papayagang makasali sa mga lugar na may mataas na panganib katulad ng mga pang-isang gabing ekskursyon o pagkamping sa paaralan.
- Ang mga estudyante sa mga paaralan na may natatanging layunin at pansuportang mga yunit ay hindi maaaring pumasok sa paaralan kapag naging isang nalapitan at susuportahan sa pag-aaral ng malayuan habang nasa kanilang sariling pagbubukod.

Ang rapid antigen testing

- Ang mga rapid antigen test ay dapat gamitin kung ang iyong anak ay nagpapakita ng mga sintomas ng COVID-19 kahit banayad, o bawat araw kung sila ay pumapasok sa paaralan bilang mga nalapitan.
- Kung ang iyong anak ay nasuri na positibo sa COVID-19, hindi sila dapat pumasok sa paaralan hanggang matapos ang panahon ng kanilang pagbubukod at nawala ang kanilang mga sintomas. Ang positibong resulta ng rapid antigen test ay dapat mairehistro sa Service NSW.
- Kung ang iyong anak ay nasuri na negatibo ngunit nagpapakita pa rin ng mga sintomas sila ay hindi dapat pumasok sa paaralan hanggang sa mawala na ang kanilang mga sintomas.
- Ang mga kawani at mga estudyante ay mabibigyan ng 1 multipack na may 5 pakete ng rapid antigen test mula sa kanilang paaralan sa maagang bahagi ng Termino 3. Ang mga kawani at mga estudyante sa mga paaralan na may mga natatanging layunin at mga nagsusuportang yunit ay mabibigyan ng 2 multipacks na naglalaman ng 5 pakete ng rapid antigen test mula sa kanilang mga paaralan sa mga unang araw ng Termino 3.
- Ang mga paaralan ay magpapanatili ng reserbang rapid antigen test sa mga paaralan para sa layunin ng pagmamamanman na pagsuri kapag may mangyaring pagsiklab ng sakit.

Pangangalaga sa kalusugan at paglilinis

- Ang mga estudyante ay hinihikayat na palaging maghugas ng mga kamay gamit ang sabon at tubig at gumamit ng personal protective equipment ayon sa pangangailangan.
- Ang pinaigting na paglilinis na araw sa mga paaralan ay itutuon sa mga lugar na madalas na hinahawakan at ibang mga pang-ibabaw, hawakan ng pintuan, locker, pindutan ng ilaw at barandilyas sa mga hagdanan at lugar na dinadaan.

Bentilasyon

- Ang sariwang hangin ang pinakamabisang porma ng bentilasyon para mabawasan ang panganib sa pagkakahawa.
- Sa mga buwan ng taglamig, ang pampainit ay gagamitin bilang bahagi ng mga pamamaraan ng bentilasyon upang maging komportable.
- Lahat ng mga lugar ng pag-aaral sa mga pampublikong paaralan ay nasiyasat upang matiyak na may nakalagay na mga nararapat na lebel ng bentilasyon at pagsasala ng hangin sa mga lugar na kinakailangan.
- Ang paggamit ng mga panlabas na lugar ay patuloy na mahikayat kung maaari.

Mga maskara

- Ang pagsusuot ng maskara ay maigting na hinihikayat hanggang maaari para sa lahat ng mga kawani at mga estudyante sa mga panghalahatang mga paaralan, lalo na sa mga espasyo sa loob at ibang mga sitwasyon na ang bentilasyon at agwatan ay hindi maaaring ipatupad.
- Kinakailangang magsuot ng maskara ang lahat ng mga kawani kung ang trabaho ay kasalimuha ang mga estudyante na may mas malaking panganib sa malubhang magkakasakit kung malantad sa COVID-19.
- Ang pagsuot ng maskara ay maigting na hinihikayat sa mga bisita, lalo na kung sila ay nakikipag-ugnay nang direkta sa mga estudyante, at lalong kinakailangan kung nakikipag-ugnay sa mga estudyante na may mas malaking panganib sa malubhang pagkakasakit kung malantad sa COVID-19.
- Ang mga estudyante ay kailangang magsuot ng maskara sa loob ng paaralan dahil sa mga malapitang pag-aaral sa Year 7 at papataas at maigting na hinihikayat para sa mga mas batang estudyante.
- Ang pagsusuot ng maskara ay maigting na hinihikayat sa lahat ng mga estudyante sa loob ng 3 araw mula sa kanilang paggaling sa COVID-19.

Mga bisita

- Ang mga bisita ay maaaring pumasok sa mga pangkalahatang mga lugar sa paaralan kahit anuman ang kanilang katayuan sa pagkakabakuna.
- Ang mga bisita ay maigting na hinihikayat sa pagsusuot ng maskara lalo na sa loob o kung mahirap sundin na may agwatan at kung direktang nakikipag-ugnay sa mga estudyante.
- Ang mga bisita sa mga paaralan na may mga natatanging layunin at ang mga pansuportang yunit, pati na ang mga manggagawa at boluntaryo, ay kailangang magsuot ng maskara kung nakikipag-ugnay nang direkta sa mga estudyante.
- Ang mga bisita na pumupunta sa paaralan at natukoy na isang nalapitan ay kailangang pasabihan ang paaralan at sumunod sa mga gabay, kabilang ang pagsusuot ng maskara kung nasa loob. Ang mga bisita na isang nalapitan ay hindi maaaring pumunta sa mga paaralan para sa may mga natatanging layunin.

Mga aktibidad

- Ang mga pagtatasa sa panganib sa kalusugan at kaligtasan ay isasama sa mga pagpapalano ng mga aktibidad, pati na ang mga ekskursyon at buong-gabing pagkakamping.
- Malalaman ng mga magulang at tagapag-alaga kung may panganib sa pagkakalantad at kakailanganin ang kanilang pahintulot sa ilang mga aktibidad.

Pagtugon sa mga lokal na sitwasyon

- Ang mga paaralan ay makikipagtulungan sa namamahalang pangkat ng kagawaran sa Health, Safety and Staff Wellbeing upang nauugmang makakatugon sa mga lokal na sitwasyon, pati na ang mga pagdami ng mga pagkakasakit dahil sa virus.
- Sa ilang mga kaso, ang mga paaralan ay maaaring magbigay ng mga pansamantalang hakbang upang makatulong sa pagpapahinto ng paglaganap ng impeksyon, kasama ang pangangailangan ng pagsusuot ng maskara, pagpapaliban o paglilimita sa mga hindi mahalagang aktibidad at pag-uutos sa ilang mga pangkat na mag-aral na malayo sa paaralan.

Pag-aaral na malayo sa paaralan

- Ang kagawaran ay patuloy na lumilikha ng mga digital na magagamit sa pag-aaral upang masuportahan ang mga estudyante na kailangang mag-aral na malayo sa paaralan.

Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin education.nsw.gov.au/covid-19/advice-for-families

Serbisyo ng Interpreter sa Telepono

Kung kailangan ng karagdagang impormasyon, mangyaring tumawag sa prinsipal ng iyong paaralan. Kung kailangan mo ng interpreter upang tumulong sa iyo sa pagtatanong, mangyaring tumawag sa Serbisyo ng Interpreter sa Telepono 131 450 at humingi ng interpreter sa iyong wika. Sabihin sa opereytor ang numero ng telepono ng gusto niyong matawagan, at ang opereytor ang kukuha ng interpreter sa linya upang matulungan ka sa pakikipag-usap. Hindi ka magbabayad sa serbisyong ito.

Ang Pamahalaang NSW ay nakapangako sa pagtitiyak na patuloy na umaandar ang mga paaralan habang inuuna nito ang kaligtasan at kapakanan ng mga estudyante at kawani ng paaralan.